Patnubay ng ASEAN para sa

# Responsableng Pamumuhunan sa Pagkain, Agrikultura at Kagubatan







Ang Patnubay ng ASEAN para sa Responsableng Pamumuhunan sa Pagkain, Agrikultura at Kagubatan ay nabuo sa pamamagitan ng inklusibo at multi-stakeholder na proseso at may suporta mula sa ASEAN Secretariat, Grow Asia, Swiss Agency for Development and Cooperation (SDC), isang trust fund ng World Bank, at International Institute for Sustainable Development (IISD).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **www.aseanraiguidelines.org**

Naiprinta sa responsibly-sourced na papel.



**Habang tumataas ang pangangailangan sa pagkain dahil sa lumalaking populasyon, tumataas na kita, at urbanisasyon sa ASEAN, patuloy na makaaakit ng mga dayuhan at lokal na pamumuhunan ang agrikultura, lalo na sa mga umuunlad na mga rehiyon.**

# Responsableng Pamumuhunan sa Agrikultura sa ASEAN

Ang Responsableng Pamumuhunan sa Pagkain, Agrikultura at Kagubatan[1] ay binigyang inspirasyon ng at batay sa Principles for Responsible Investment in Agriculture and Food Systems (CFS-RAI) ng Committee on World Food Security. Ang mga ito ay nakadirekta sa gobyerno ng mga kasaping bansa ng ASEAN (Asean Member State o AMS) at iniangkop sa mga tiyak na hamon ng grupo, habang inaasahan din ang mga mahahalagang tungkulin at responsibilidad para sa mga stakeholder na labas sa gobyerno, kabilang ang mga malalaking pribadong aktor. Ang mga Patnubay ay binigyang inspirasyon din ng mga Sustainable Development Goal (SDGs) ng United Nations, at tinutukoy ang mga ito ng Patnubay kung naaangkop. Ang Patnubay ay likas na kusang-loob.

Ang pangunahing layunin ng Patnubay ay itaguyod ang pamumuhunan sa pagkain, agrikultura at kagubatan sa rehiyon ng ASEAN na nag-aambag sa pangrehiyong pag-unlad ng ekonomiya, seguridad sa pagkain at nutrisyon, kaligtasan ng pagkain at pantay na benepisyo, at pati na rin ang sustainable na paggamit ng mga likas na yaman.

Ang iba pang mga layunin ay:

Pagtatatag ng mga kanais-nais na kondisyon upang mahikayat ang responsableng pamumuhunan sa mga sektor ng Pagkain, Agrikultura at Kagubatan (PAK) sa pamamagitan ng isang malinaw na patakaran at regulatory framework sa buong bansa at mas magkakaugnay na pamamaraan sa buong ASEAN.


Ang pagkakaroon ng balanse sa pagitan ng mga interes —kabilang ang pagpapalakas sa mga kakayahan ng iba pang mga stakeholder, kontraktwal na paghingi sa mga namumuhunan na matugunan ang kanilang mga obligasyon, at paglikha ng mga instrumento at kasangkapan upang mapaglayon ang pagtutulungan — ay sumusuporta sa pangunahing layunin ng Patnubay.

Paglikha ng framework upang gabayan ang AMS, ang mga malalaki at maliliit na namumuhunan, at iba pang aktor sa pagbuo ng responsable at sustainable na pamumuhunan sa agrikultura at mga value chain sa rehiyon.

Paglikha ng isang hanay ng mga interes na magsisibilbing sanggunian para sa mga pagpapasya, pag-uugali, at kilos sa kalagitnaan hanggang sa pangmatagalan.

[1] Noong Setyembre 2017, nagkasundo ang ASEAN Ministers on Agriculture and Forestry (AMAF) na gawin ang Patnubay ng ASEAN sa Paghihikayat ng Responsableng Pamumuhunan sa Pagkain, Agrikutura, at Kagubatan (ang Patnubay) sa kanilang ika-39 na taunang pagpupulong. Noong Oktubre 2017, kinausap ng ASEAN Secretariat (ASEC) ang Grow Asia upang magbigay ng expertise, pondo, at magdala ng mas malawak na hanay ng mga boses sa pagbuo ng Patnubay — lalo na sa pribadong sektor. Ang pondo ng proyekto ay nalikom mula sa The Swiss Agency for Development and Cooperation (SDC), isang trust fund ng World Bank, at ang malaking bahagi ng expertise ay mula sa International Institute for Sustainable Development (IISD) Geneva.

# Ano ang Nais ng Patnubay na Makamit para sa mga Pamahalaan



## Patnubay 1

### Mag-ambag sa seguridad sa pagkain, kaligtasan ng pagkain, at mas mahusay na nutrisyon sa pamamagitan ng:

- Paggalang sa karapatan na maging malaya mula sa gutom.
- Pagpapatuloy sa SDG2 (pagpuksa sa gutom) at iba pang kaugnay na layunin ng ASEAN.
- Pagkakaroon ng sustainable na pagkukunan ng abot-kaya, ligtas, at masustansiyang pagkain.
- Paggalang sa karapatan ng mga magsasaka sa seed diversity.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagbibigay ng enabling environment para sa responsableng pamumuhunan.
- Paglikha ng mga plano para sa sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan at mga estratehiya sa seguridad sa pagkain.
- Pagsuporta sa mga programa sa pagpapalakas ng pagkain at sa pagtutulungan sa pagitan ng publiko at pribadong sektor (public-private partnership o PPP).
- Pagbuo ng rural financing upang mapaganda ang akses sa merkado at mga imprastraktura.
- Pagsubaybay sa epekto ng mga pamumuhunan sa seguridad sa pagkain.



## Patnubay 2

### Mag-ambag sa sustainable, pantay-pantay, at inklusibong pag-unlad ng ekonomiya at pagpuksa sa kahirapan, sa pamamagitan ng:

- Paghimok sa pantay-pantay na pag-unlad na nagpapababa sa kahirapan at sumusuporta sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian.
- Paglikha ng mga marangal, ligtas, at sustainable na kabuhayan.
- Pagsuporta sa pagpapataas ng kalikad at pagsunod sa mga pamantayan para sa maliliit na magsasaka.
- Pagtitiyak sa balanse at maipapatupad na mga kontraktwal na pangako sa pagitan ng mga namumuhunan at host state.
- Paghiling ng mas makatarungan, mas malinaw na mga kontrata sa pagitan ng mga namimili at mga producer.
- Paggalang at pagtataguyod sa mga sustainable na pangkabuhayan sa kagubatan.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagkakaroon ng pormal na kasunduan ng mga mamumuhunan para sa pag-unlad at pagsasanay ng mga lokal na negosyo.
- Pagsisiyasat ng mga maaaring maging alternatibo sa mga malakihang land concession, tulad ng inclusive contract farming.
- Pagpapakilala ng mga istratehiya sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, sa mga kontrata sa pagitan ng namumuhunan at estado.
- Paglikha ng mas maayos na kontrata at kamalayan sa mga kontraktwal na karapatan at obligasyon.
- Pagpapataas sa pakikisangkot ng mga maliliit na mamamayan at konsumer sa paggawa ng mga polisiya sa pamumuhunan at sa pagpapasya.
- Pagbuo ng mga inclusion strategies para sa mga kababaihan at mga nasa laylayan ng lipunan sa mga proyekto ng pamumuhunan.
- Paglikha ng mga programa sa microfinance, rural credit, market linkage, at small enterprise development.



## Patnubay 3

### Mag-ambag sa pagkakapantay-pantay, pakikipag-ugnayan, at pagpapalakas sa mga kababaihan, kabataan, katutubong mamamayan, at marginalized na grupo, sa pamamagitan ng:

- Pagsuporta sa pantay-pantay na akses sa mga pagkakataon at pagprotekta sa mga karapatang-pantao.
- Pagkilala sa halaga at mga ambag ng mga kababaihan at kabataan sa sektor ng PAK.
- Pagkilala sa mahalagang papel ng PAK sa pagsusulong ng mga inklusibong mga modelo ng negosyo upang masiguro ang akses sa trabaho at pagnenegosyo.
- Pagdagdag ng akses sa lupa, mga mapagkukunan, serbisyo, merkado, at impormasyon.
- Pagtugon sa lumalalang kahinaan (vulnerability) laban sa mga epekto ng kalamidad at climate change.
- Pagtitiyak ng makabuluhang pakikilahok sa pagpapasya, pamumuno, at pakikipagsosyo.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagpapabuti sa akses ng mga kababaihan sa edukasyon, legal redress, at karapatang mag-organisa.
- Pagkakaloob sa mga maliliit na mga magsasaka at mga small at medium-sized enterprise (SMEs) ng mga extension services na sensitibo sa kasarian.
- Pagkilala sa mahalagang papel ng mga kababaihan sa seguridad sa pagkain ng pamilya at ng komunidad.
- Pagpapadali sa mga pakikipagsosyo at mga network sa mga samahang sibil, grupo ng mga magsasaka, pangkat ng mga katutubong mamamayan, at mga kooperatiba ng mga kababaihan.
- Pagtitiyak na may akses ang mga kabataan sa mga mapagkukunan at pagkakataon sa merkado.



## Patnubay 4

### Galangin ang lehitimong pagmamay-ari ng karapatan sa lupain, pangisdaan, kagubatan, gayundin sa akses sa tubig, sa pamamagitan ng:

- Paggalang sa mga lehitimong nagmamay-ari ng karapatan, gayundin sa karapatan ng mga katutubong mamamayan at mga lokal na komunidad sa malayang pauna at inihayag na pahintulot (free, prior and informed consent o FPIC).
- Pagtatasa sa mga epekto sa lipunan ng mga aktibidad sa pamumuhunan sa lahat ng mga lehitimong may hawak ng karapatan sa tenure.
- Pagkilos upang maiwasan ang pagpapaalis at pagpapalit-tirahan ng mga lehitimong nagmamay-ari ng karapatan sa tenure.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagpapalakas sa mga batas at polisiya sa lupa, at sa makatuwiran at malinaw na mga sistema sa karapatan sa tenure.
- Pagpapadali sa kolektibo, komunal, at indibidwal na pagtitituloo sa lupa.
- Pagpapalawig sa kamalayan ng mga komunidad tungkol sa karapatan sa tenure at sa kanilang kakayahan sa negosasyon.
- Pagbuo ng kamalayan at pagsunod sa VGGT[2].
- Pagbabawas sa anumang hindi maiiwasang resettlement at pagpapapagaan sa mga hindi magandang epekto nito.

[2]Ang VGGT ay tumutukoy sa Voluntary Guidelines on the Responsible Governance of Tenure of Land, Fisheries and Forest in the Context of National Food Security.

## Patnubay 5

### Mag-ambag sa pangangalaga at sustainable na pamamahala sa natural na yaman, lalo na sa kagubatan, sa pamamagitan ng:

- Pag-iwas, pagbawas, at paglunas sa mga negatibong epekto sa mga likas na yaman.
- Pagsuporta sa sustainable na kasanayan sa pamamahala ng kagubatan.
- Pagkilala sa pang-ekonomiya, panlipunan, pang-agrikultura, at ekolohikal na halaga ng kagubatan.
- Pagbalanse sa ekonomiya, pangangalaga (conservation), at mga pangangailangan ng mga komunidad at mga katutubong mamamayan.
- Pagsuporta sa sustainable na pagkuha at pangkalikasan at panlipunang sertipikasyon para sa mga produktong PAK.
- Pagtaas ng husay sa produksiyon at ng produktibong paggamit ng basura at mga by-product.
- Paghimok sa sustainable na paggamit.
- Pagtitiyak sa matatag at sama-samang pagpaplano at pamamahala sa likas na yaman.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagsuporta sa mga komprehensibong sistema ng pamamahala sa mga likas na yaman.
- Pantay-pantay at maayos na pamamahala sa tubig.
- Pagtitiyak sa pagkakaraoon ng akses sa tubig na naaayon sa mga obligasyon sa mga karapatang-pantao.
- Pagbuo ng mga pambansang planong pangkagubatan na malinaw na tumutugon sa mga isyu ng pamumuhunan.
- Pagsuporta sa desentralisasyon sa pamamahala ng kagubatan at sa mga proseso ng debolusyon.
- Pagbibigay ng mga kakailanganin para sa koordinasyon ng mga pangasiwaan, paggawa ng mga pamantayan, pagpaplano, at pagsusubaybay (monitoring).
- Pagtataguyod sa mga alternatibong pangkabuyan sa mga kagubatan.

## Patnubay 6

### Suportahan ang sustainable at naaangkop na mga teknolohiya at kasanayan para sa mahusay na mapagkukunan, at produktibo at ligtas na mga PAK system, sa pamamagitan ng:

- Paglalagay ng puhunan para sa imprastraktura at pagkakaroon ng kakayahan para sa pagsasaliksik at pag-unlad (research and development o R&D), habang pinapasigla ang 'lab to field' na ethos.
- Pagpapatupad ng mga polisiya para sa pagpapaunlad ng teknolohiya, komersiyalisasyon, at pamamahagi (distribution).
- Pagsusulong sa pagtutulungan at koordinasyon ng mga AMS para sa R&D.
- Pagtuntong sa mga pamumuhunan ng pribadong sector sa mga inobasyon sa pamamagitan ng istratehikong PPP.
- Pagsuporta sa mga inklusibong modelo ng negosyo upang mahikayat ang pagpapasa ng teknolohiya (technology transfer).
- Pagpapalakas sa mga multi-stakeholder forum para sa pagpapalitan ng impormasyon, inobasyon, at pagbabahagi ng kaalaman.
- Pagkilala at paggalang sa mga tradisyonal na kaalaman at mga kaugnay na karapatan sa intellectual na pag-aari (IP).

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Paghubog ng mga kakayahan sa komersyalisasyon ng teknolohiya at mga PPP.
- Pagtatag ng mga sistemang makabago na kasama ang pamahalaan, mga non-governmental organizations (NGOs), ang pribadong sektor at mga maliliit na magsasaka.
- Pagpondo sa paunang pagbili ng mga teknolohiya para sa mga maliliit na magsasaka at mga SME.
- Pagbuo ng mga proseso para sa pagsasala at pagpili ng mga pamumuhunan na tinitiyak ang paggamit ng mga sustainable na teknolohiya.
- Pagkakaloob ng enterprise at crop-specific na teknikal na suporta para sa mga maliliit na magsasaka.
- Pag-uugnay sa mga institusyong nagsasaliksik tungkol sa agrikultura at mga NGO ng teknolohiya.
- Paglikha ng enabling environment para sa mga pang-agrikulturang teknolohiya at sa mga PPP sa paglilipat-kaalaman.
- Pagbibigay ng mga epektibong legal at policy framework para sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari.

## Patnubay 7

### Pagdadagdag sa katatagan sa harap ng pagbabago ng klima, mga natural na sakuna at iba pang shocks, habang nag-aambag sa pagpapagaan sa epekto ng pagbabago ng klima sa pamamagitan ng:

- Pagkilala sa potensyal ng PAK na mag-ambag sa mitigasyon at adaptasyon sa climate change.
- Pagbuo, pagsusuri, at pagpapalawak sa mga hakbang ng adaptasyon sa climate change.
- Pagsulong ng mga risk product para sa mga maliliit na magsasaka at mga SME para sa climate change at mga sakuna.
- Paggalang sa katutubo at tradisyonal na kaalaman at kasanayan sa adaptasyon sa climate change.
- Pagtugon sa mataas na kahinaan (vulnerability) ng mga kababaihan, kabataan at mga marginalized na grupo sa pagbabago ng klima.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagdagdag ng pondo sa pananaliksik, extension services, at mga teknolohiyang may kinalaman sa climate change.
- Pagbuo ng mga legal at policy framework para sa makabagong climate insurance na mga produkto.
- Pagkilala sa mga hakbang na tumutukoy sa mga tiyak na lugar ng aksyon sa klima, sa loob ng konteksto ng mga proyekto ng pamumuhunan.

## Patnubay 8

### Igalang ang rule of law at isama ang mga inclusive at transparent na mga istruktura ng pamamahala, proseso at mga mekanismo ng karaingan sa pamamagitan ng:

- Pagsunod sa mga pambansang batas sa sulat at diwa.
- Pag-iwas sa mga tiwaling gawain at panunuhol.
- Aktibo at inklusibong pagbabahagi ng mga impormasyon na may kinalaman sa pamumuhunan.
- Pagtataguyod ng akses sa mga mekanismo sa paghihinuha, karaingan, at mga resolusyon sa pagtatalo.
- Pagtugon sa mga isyu sa mga minanang lupa.
- Makabuluhang pagkonsulta at pagtugon upang matiyak ang aktibo, malaya, epektibo, at may-alam na pakikilahok.
- Pagtataguyod sa isang malinaw, magkakaugnay, at consistent na legal and policy environment.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagtatatag ng mga patnubay para sa pana-panahong pagsisiwalat ng may-katuturan, tumpak, napapanahon, at naaakses na impormasyon.
- Pagpapalakas sa akses ng mga lokal na komunidad at mga katutubo sa mga libreng legal na serbisyo at legal na tulong.
- Pangangasiwa sa mga konsultasyon, negosasyon at pagbabawas ng hinaing (grievance redress) sa pagitan ng mamumuhunan at komunidad.
- Pagtiyak na may akses sa epektibo at abot-kayang panghukuman at iba pang mga remedyo.
- Pagpapagana sa makabuluhang pakikilahok ng mga stakeholder sa paggawa ng mga patakaran.
- Pagpapabuti ng koordinasyon at komunikasyon sa pamahalaan.
- Pagtataguyod ng pantay na akses sa mga impormasyon, serbisyo, insentibo, at mapagkukunan (resources).
- Pagtitiyak sa walang-diskriminasyong pagpapatupad ng mga batas at regulasyon.

## Patnubay 9

### Suriin at tugunan ang mga epekto ng responsableng pamumuhunan sa PAK at itaguyod ang pananagutan sa pamamagitan ng:

- Paghiling ng independent at transparent na mga pagtatasa ng epekto.
- Pagtukoy ng baseline data at mga indicator para sa inklusibong pagsusubaybay at pagtatasa ng epekto.
- Pagsala sa mga pamumuhunan upng masigurong sila ay nakahanay sa mga prayoridad sa pag-unlad at sa mga pangangailangan ng komunidad.
- Pagkilala sa mga hakbang sa pagpapagaan ng epekto (effect mitigation) upang matugunan ang mga negatibong epekto.
- Pagtiyak na ang mga pagsusuri ay naka-publiko.
- Regular na pagsusuri sa mga pagbabago at pagbabahagi ng mga resulta sa mga stakeholder.
- Pagpapatupad ng mga epektibong remedyo at/o kabayaran para sa mga negatibong epekto.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagpapalakas sa pagpapatupad ng mga regulasyon sa pagtatasa ng mga epekto.
- Pagsasama ng mga resulta ng pagtatasa ng epekto sa mga plano sa pamamahala.
- Regular na pagsubaybay at pagsusuri sa mga epekto, habang isinasama rin ang lahat ng mga stakeholder na may kaugnayan sa prosesong ito.
- Pagsasa-publiko sa mga resulta ng mga monitoring activities.
- Pagpapatupad ng epektibo at mahusay na mga proseso ng pagsasala para sa mga malalaking namumuhunan.

## Patnubay 10

### Palakasin ang mga pamamaraang pang-rehiyon sa responsableng pamumuhunan sa PAK ASEAN sa pamamagitan ng:

- Pagtutugma ng mga pamantayan, regulasyon at pamamaraan habang pinapayagan ang kakayahang umangkop.
- Pagtataguyod ng “race to the top” sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nsentibo para sa responsableng kasanayan sa negosyo.
- Pakikipagtulungan sa pagbubuo ng kapasidad at network upang magbahagi ng impormasyon at mag-angat sa mga panrehiyon na mga pamantayan.

**Upang makamit ito, isaalang-alang ang:**

- Pagbuo ng shared-approaches sa pagtataguyod at pagpapapadali ng pamumuhunan sa PAK.
- Pagtataguyod ng pang-rehiyon na tulong, pagbabahagi ng karanasan at pagbuo ng kapasidad.
- Pag-adopt, sa rehiyonal na antas, ng mga pang-internasyonal na mabuting kasanayan at pamantayan.
- Pagsusulong ng bilateral na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga bansa sa home at host country upang magkasama nilang masubaybayan ang mga pamumuhunan.





# Mga Tungkulin at Pananagutan para sa Iba pang mga Stakeholder

Mayroong mahahalagang tungkulin at responsibilidad para sa lahat ng mga stakeholder sa Pagkain, Agrikultura at Kagubatan (PAK), lalo na ang mga negosyo sa agrikultura at malalaking mamumuhunan, maging ang mga maliliit na magsasaka, kooperatiba, SME, komunidad, sibil na lipunan, at institusyong pampinansyal.

**Tiyaking sinusuportahan ng mga pamumuhunan ang lokal na seguridad at pagkakaiba-iba (diversity) ng pagkain sa pamamagitan ng:**

- Pagtatasa sa epekto ng proyekto sa lokal na seguridad ng pagkain at pag-mitigate sa anumang masamang epekto.
- Pagtugon sa seguridad sa pagkain sa mga konsultasyon sa komunidad.
- Pagbibigay ng mga disenteng trabaho—matatag at may maayos pasuweldo, at nagbibigay ng makatarungang pasahod.

**Mag-ambag sa inclusive, pantay-pantay, at sustainable na pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng:**

- Pagtulong sa mga lokal na negosyo na makatugon sa mas mataas na kalidad at pamantayan sa pagganap.
- Pag-aalaga ng lokal na pagnenegosyo
- Pagbawas sa negatibong epekto ng pag-presyo at marketing sa mga maliliit na magsasaka.

**Suportahan ang pakikilahok ng kababaihan sa pagpapasya, makabuluhang trabaho at pagpapalakas ng ekonomiya sa pamamagitan ng:**

- Aktibong pagsusulong sa pakikilahok ng mga kababaihan.
- Pagbuo ng pipeline ng magkakaibang talento sa lahat ng antas.
- Pagpapatibay sa mga patakaran at pagsasanay laban sa diskriminasyon at panliligalig.

**Tulungan ang mga kabataan sa pagbuo ng mga kasanayan na kinakailangan upang maisama sa sektor ng PAK, kabilang ang mga sumusunod na paraan:**

- Pag-aalok ng pagsasanay, internship, mentoring, scholarship at pautang.
- Pag-target sa mga kabataan para sa pakikilahok sa mga outgrower programs.
- Pagsuporta sa pagnenegosyo ng kabataan.
- Pakikipagtulungan sa mga organisasyong sibil sa lipunan (CSO) na sumusuporta sa pagpapalakas ng kabataan.

**Igalang ang panunungkulan ng lokal na komunidad sa lupain, pangisdaan, at kagubatan sa pamamagitan ng:**

- Pagkilala at pagsasaliksik sa mga lokal na konteksto at mga sistema ng panunungkulan.
- Direktang pakikipag-usap sa mga lehitimong may hawak ng karapatan sa tenure.
- Pag-iwas sa pagpapaalis at resettlement.
- Pagtiyak na nakakatugon ang mga resettlement sa mga pinakamahusay na international na kasanayan, kung sakaling hindi maiiwasan ang resettlement.
- Pagtiyak sa aktibo, malaya, epektibo, at makabuluhang pahintulot ng mga komunidad sa mga pagpapasya na may kinalaman sa mga mapagkukunang ito.
- Pagsusuri sa mga pamamaraan para sa ‘handang’ lupa upang matiyak na nakakamit ang mga international na mga pamantayan.

**Igalang ang akses ng mga lokal na komunidad sa tubig sa pamamagitan ng:**

- Pag-highlight sa mga potensyal na epekto sa pag-akses sa tubig at sa kalidad ng mga inklusibong konsultasyon.
- Paggamit ng environmental and social impact assessment at mga plano sa pamamahala.
- Pagtiyak na may sustainable na net positive effect sa pag-akses ng komunidad sa tubig.

**Suportahan ang pagbuo at paglaganap ng mga sustainable na teknolohiya at kasanayan sa pamamagitan ng:**

- Pag-alam sa mga hadlang sa pinahusay na teknolohiya at pagtulong sa mga maliliit na magsasaka at SME na malampasan ang mga ito.
- Pagtiyak sa inklusibong proseso ng paspapasya sa mga teknohiya.
- Pamumuhunan sa malakas na after-sales na teknikal na suporta at sa mga programa sa pangangasiwa ng produkto.
- Pagsanay sa mga lokal na gumagawa upang maipakita at maikalat ang teknolohiya.
- Pagbibigay ng mga serbisyo upang suportahan ang pagpapatibay ng teknolohiya, tulad ng financing at tech support.
- Pamumuhunan sa lokal na kapasidad sa R&D.

**Magkaroon ng papel sa pagpapabuti sa katatagan, pagbabawas sa negatibong epekto ng climate change, natural na mga sakuna, at iba pang mga di mabuting pangyayari, kabilang ang:**

- Pagsuporta sa pananaliksik, kabilang ang pagsali sa mga PPP.
- Paggamit ng mga network ng negosyo upang makatulong sa pagpapalaki sa mga mahuhusay na mga kasanayan sa klima.
- Pagsuporta sa pagtitibay ng komunidad sa mga climate-smart na kasanayan sa pag-iwas at pagbabawas sa mga negatibong epekto ng pagbabago ng klima.
- Pag-iwas sa mga kasanayan sa negosyo na nagpapalala sa climate change.

**Magtaguyod ng makabuluhang pakikipag-ugnayan at pananagutan sa komunidad sa pamamagitan ng:**

- Pag-unawa sa lokal na konteksto ng pamayanan, at sa demograpiko at dinamika ng kapangyarihan.
- Pagtatag ng epektibong komunikasyon, transparency, at tiwala sa mga komunidad.

- Aktibong pagsiwalat ng lahat ng may-kaugnayan na impormasyon sa paraang madaling maintindihan.
- Pagsanay sa mga manggagawa na makitungo nang may paggalang at sensitibo sa mga miyembro ng komunidad.
- Pagbuo ng mekanismo ng naikokonsulta, naka-publiko, at naaaninaw na pagresolba sa mga hinaing.

**Suriing mabuti, tugunan, at subaybayan ang mga epekto ng proyekto sa pamumuhunan sa pamamagitan ng:**

- Pagtatasa sa mga epekto sa kapaligiran at lipunan at pagsasa-alang-alang sa mga ito sa disenyo ng proyekto.
- Regular na pagsubaybay sa environmental at social na performance.
- Paggamit ng management information system at teknolohiya sa pagsubaybay at pagtatala ng mga epekto.
- Pagsubaybay at pagpapagaan sa mga aksidente, pinsala at epekto sa kalusugan ng mga manggagawa.
- Pagkuha ng mga independiyenteng ahensiya na nagsasagawa ng sertipikasyon upang suriin ang pagsunod sa mahuhusay na kasanayan.

**Mag-ambag sa pagpapalakas sa mga panrehiyon na pamamaraan sa responsableng pamumuhunan sa PAK sa ASEAN, sa pamamamagitan ng:**

- Pagsali sa panrehiyon at pandaigdigang mga organisasyong PAK.
- Pagtatasa at pagpapagaan sa mga negatibong cross-border na externalities mula sa proyekto.





### Makakatulong ang mga maliliit na magsasaka at mga SME sa pagpapatupad ng Mga Patnubay sa pamamagitan ng:

- Pakikilahok sa mga pagkakataon para sa pagpapalitan ng impormasyon, teknolohiya, at kaalaman.
- Pakikisalamuha para sa pag-unlad ng negosyo at sa mga programa sa pagsasanay.
- Pagtitiyak sa malakas at inklusibong mga kooperatiba ng mga tagagawa at mga network ng SME.
- Paglalapat ng pinakamataas na antas ng mga alituntunin sa mga mas malalaking namumuhunan.

### Makakatulong ang mga komunidad sa pagpapatupad ng Mga Patnubay sa pamamagitan ng:

- Paggamit ng inclusive at representative na kinatawan na makipag-usap sa mga namumuhunan at magsulong ng mga karapatan.
- Pagkakaroon ng kasunduan sa mga namumuhunan kung paano dapat isagawa ang ugnayan.
- Pagkakaroon ng mga forum sa komunidad upang makagawa ng mga pagpapasya at magbahagi ng impormasyon.
- Paglahok sa mga pagsasanay sa komunidad at mga programa para sa pagpapalakas ng kapasidad.
- Aktibong pakikilahok sa mga konsultasyon at community-based na pagsubaybay.
- Pagbabahagi ng katutubong kaalaman at tradisyonal na kasanayan sa pagbagay sa pagbabago ng klima.

### Ang mga pangkat ng lipunang sibil ay makakatulong sa pagpapatupad ng Mga Patnubay sa pammamagitan ng:

- Pagninilay at pagpapatupad sa Mga Patnubay sa kanilang mga trabaho at programa.

- Pagtulong sa mga estado sa pagpapatupad ng mga aspeto ng mga patnubay.
- Pakikipagtulungan sa iba pang mga stakeholder upang suportahan ang pagpapatupad ng Mga Patnubay sa komunidad.
- Paggamit sa Patnubay sa pangangampanya, sa mga aktibidad sa edukasyon at adbokasiya.
- Pagsuporta sa mga komunidad na may mga programa sa pagsasanay at pagpapaunlad ng kapasidad.

**Ang mga aktor sa sektor ng pananalapi ay makakatulong sa Pagpapatupad ng mga Patnubay sa pamamagitan ng:**

- Pagbuo ng seguro sa klima at iba pang mga produktong pinansyal para sa mga maliliit na magsasaka.
- Paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pananalapi upang madagdagan ang akses sa pananalapi.
- Pagpopondo ng mga pamumuhunan na nagpapatibay sa mga prinsipyo ng mga Patnubay na ito.

**Ang mga estado ng mga namumuhunan ng AMS ay maaaring suportahan ang Mga Patnubay sa pamamagitan ng:**

- Paggalang sa karapatan ng mga host na bansa sa pagkain kapag namuhunan upang ma-export ang pagkain pabalik sa sariling bansa.
- Pagbuo ng mga samahan upang maitaguyod ang sustainable na pamumuhunan.
- Pagbibigay ng naaangkop at responsableng mga insentibo upang maghikayat ng sustainable na pamumuhunan.
- Pakikipag-ugnayan sa mga host na estado upang maipatupad ang mga proyekto sa pamumuhunan.
- Kontrolin ang mga aktibidad na may kinalaman sa negosyo ng mga panlabas na namumuhunan.



